



1

### Nagkakaroon ng pananampalataya sa pamamagitan ng pakikinig sa Salita.

*Sasampalataya lang ang tao kung maririnig niya ang mensahe tungkol kay Cristo, at maririnig lang niya ito kung may mangangaral sa kanya. MGA TAGA-ROMA 10:17*

Ang simula ng pananampalataya ay ang pagtanggap ng Salita ng Diyos. Dahil sa ang Salita ng Diyos ang batayan ng ating pananampalataya, dapat ay lagi tayong nakikipag-usap sa Kanya sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kanyang Salita at pananalangin sa Kanya. Gaya ni Abraham, dapat ay handa tayong tumanggap ng Salita mula sa Diyos. Paano ka nagiging mas sensitibo sa tinig ng Diyos habang lumalalim ang pananampalataya mo?

.....  
.....

2

### Napapatunayan ang pananampalataya ng pagsunod sa Salita.

*Kaya umalis si Abram sa Haran at pumunta sa Canaan, ayon sa sinabi ng Panginoon sa kanya. Nasa 75 taong gulang noon si Abram. GENESIS 12:4*

Pinatunayan ni Abraham ang pananampalataya niya sa Diyos nang magpunta siya sa Canaan, ayon sa sinabi ng Panginoon, kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta. Napapatunayan natin ang ating pananampalataya kung tayo ay sumusunod sa mga utos ng Diyos. May utos ba ang Diyos na sinasabi Niyang sundin mo?

.....  
.....

3

### Ang pananampalataya sa Kanyang Salita ay nagdadala ng pagpapala.

*<sup>13</sup>Tingnan n'yo ang karanasan ni Abraham: Nang mangako ang Diyos kay Abraham, hindi siya gumamit ng ibang pangalan para patunayan ang pangako niya, kundi ginamit niya ang sarili niyang pangalan dahil wala nang makahihigit pa sa kanya. <sup>14</sup>Sinabi niya, "Talagang pagpapalain kita at pararamihin ko ang lahi mo." <sup>15</sup>At pagkatapos ng matiyagang paghihintay, natanggap ni Abraham ang mga ipinangako sa kanya. MGA HEBREO 6:13-15*

Hindi alam ni Abraham kung ano ang mangyayari sa buhay niya matapos niyang sumunod sa Diyos at maniwala sa Kanyang mga pangako. Subalit pinili niyang kumilos nang may pananampalataya, at siya ay matiyagang naghintay. Dahil dito, ipinakita ng Diyos ang Kanyang katapatan sa pamamagitan ng pagtupad ng Kanyang mga ipinangakong pagpapala kay Abraham. Balikan ang isang pagkakataon na pinagpala ka ng Diyos matapos mong kumilos nang may pananampalataya. Ano ang nangyari?

.....  
.....

### APPLICATION

- Nakaugalian mo na bang humingi ng Salita mula sa Diyos araw-araw? Mangako na magbabasa at mag-aaral ka ng Salita ng Diyos sa isang takdang oras at lugar araw-araw.
- May utos ba ang Diyos na gusto Niyang sundin mo, o kaya ay pangako na gusto Niyang angkinin mo? Paano lalalim ang relasyon mo sa Diyos habang tumutugon ka sa Kanya nang may pananampalataya ngayong linggo?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na nangangailangang maniwala at makatanggap ng pagpapala ng Diyos? Paano mo mapapalakas ang kanyang kalooban dahil sa mga natutunan mo ngayon?